Anu-anong mga Mapagkukunan ang mayroon para sa mga Magulang?

Kung mayroon kang anumang mga tanong o alalahanin patungkol sa pagpasok sa paaralan ng iyong anak, may mga mapagkukunan at suporta na maibibigay para sa iyo upang i-access. Tandaan, Inaalala ng lahat ang tuloy-tuloy na pagpasok, Kaya humingi ng tulong kung kailangan mo ito!

Maaari kang makipag-usap sa:

- Guro ng iyong anak
- Punong-guro ng paaralan
- Guidance counselor ng paaralan
- Mapagtatanungang guro
- Kawani ng mga suporta sa serbisyo ng dibisyon ng paaralan
- Manitoba Association of Parent Councils (MAPC)
- Manitoba Education
- Healthy Child Manitoba
- www.manitobaparentzone.ca

Manitoba

Mahalaga ang araw-araw na pagpasok para sa lahat ng mag-aaral. Ang mga mag-aaral na regular na pumapasok sa paaralan ay mas nakatuon sa pag-aaral, mas makaramdam ng pagiging kabilang sa kanilang mga komunidad, at mas malamang na makapagtapos ng pag-aaral.

MAPC Manitoba Association of Parent Councils

Manitoba Association of Parent Councils

1005—401 York Avenue
Winnipeg MB R3C 0P8

Telepono: 204-956-1770
Toll Free: 877-290-4702
Fax: 204-956-7780
E-mail: info@mapc.mb.ca
Facebook: www.facebook.com/mapcmb
Twitter: www.twitter.com/mapcmb

Manitoba Association of Parent Councils

Pagsuporta sa Regular na Araw-araw na Pagpasok

Ano ang Magagawa ng Mga Magulang Upang Suportahan ang Pag-aaral sa Mga Paaralan sa Manitoba

Simula 2009, nagsagawa ang Manitoba Education ng ilang panimula upang suportahan ang mas madalas na pagpasok sa mga paaralan. Noong 2012, nakipagtulungan ang Manitoba Association of Parent Councils (MAPC) sa Manitoba Education upang isulong ang kamalayan ng mga magulang tungkol sa kahalagahan ng regular ng araw-araw na pagpasok para sa mga mag-aaral sa Manitoba.

Lahat Sa Paaralan Araw-araw

Alam mo ba ...

- Kinakailangan sa Manitoba na pumasok sa paaralan—*hindi* opsyonal
- Kung 10 minutong huli sa klase ang iyong anak araw-araw, may mawawala sa kanilang *anim na araw ng pag-aaral* sa pagtatapos ng taon ng pag-aaral
- Kung dalawang araw lang hindi papasok ang iyong anak bawat buwan ng paaralan, mapapalampas nila ang *katumbas na isang buwan ng pag-aaral* sa pagtatapos ng taon ng pag-aaral
- Kung 15 araw ng paaralan hindi papasok ang iyong anak bawat taon, mawawala sa kanila ang *isang taon ng pag-aaral* sa pagtatapos ng grade 12
- Mas nakatuon sa pag-aaral ang mga mag-aaral na regular na pumapasok sa paaralan, mas makaramdam ng pagiging kabilang sa kanilang mga komunidad, at mas malamang na makapagtapos ng pag-aaral
- Ang mga indibidwal na walang high school diploma ay dalawang beses na mas malamang na makakaranas ng kawalan ng trabaho at kumikita nang mas maliit na sahod kaysa mga nagtapos ng high school

Regulasyon sa Pag-aaral hanggang Edad 18

*Noong Setyembre 2012, ipinakilala ng Manitoba Education ang **Preparing Students for Success Act**, na nagtaas sa kinakailangang edad sa paaralan para sa pagpasok mula 16 na taong gulang hanggang sa 18 taong gulang. Layunin ng regulasyong ito na tiyakin na makikinabang ang Manitoba sa mga mas mataas na antas ng pagtatapos at mabibigyan ng mas maraming pagkakataon upang maging matagumpay sa buhay ang mga nag-aral.*

Ano ang Magagawa ng Mga Pamilya upang Suportahan ang Tuloy-tuloy na Pagpasok?

- Lumahok sa mga kaganapan at aktibidad sa paaralan upang ipakita ang iyong suporta para sa paaralan at edukasyon
- Kausapin ang iyong mga anak tungkol sa kahalagahan ng pagpasok, simula sa murang edad
- Regular na makipag-ugnayan sa paaralan kung may problema o alalahanin at humanap ng mga paraan kung paano makikipagtulungan upang malutas ito
- Tulungan ang iyong anak sa paghahanda at pagpaplano para sa paparating na araw ng pag-aaral upang mabawasan ang pagkabalisa
- Magplano kasama ang ibang pamilya sa iyong kapitbahayan upang sama-samang maglalakad ang mga bata papunta sa paaralan
- Magplano ng mga appointment nang batay sa araw ng pag-aaral kung kailanman posible
- Magplano ng mga bakasyon at outing nang batay sa taon ng pag-aaral kung kailanman posible
- Makipag-usap sa iyong paaralan tungkol sa pagsisimula ng isang Walking School Bus

Mas mabisa ang iyong mga pagkilos kaysa sa mga salita!
Pumasok sa tamang oras at ipakita na pinapahalagahan mo Ang regular na pagpasok at edukasyon!

Ano ang magagawa ng Mga Paaralan upang magbigay ng suporta para sa tuloy-tuloy na pagpasok?

- Magsumikap upang matiyak na ang bawat bata ay may pinagkakatiwalaang nakakatanda sa paaaralan na maaari nilang kausapin kapag nagkaroon ng problema
- Regular na makipag-ugnayan sa mga pamilya tungkol sa mga espesyal na kaganapan at pagsusulong ng paglahok ng pamilya sa paaralan
- Gumawa ng masayang kapaligiran upang makaramdam ng pagpapahalaga ang parehong mga mag-aaral at pamilya sa kanilang komunidad ng paaralan